UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnugutan
ng
Mandirigma-Lanibisang-Kalipang Mao Zedong

ANG Bayan

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Ang pambansa-demokratikong rebolusyon, sa Pilipinas at iba pang kolonya't maiakolonya, ay di maihihiwalay na bahagi ng proletaryong rebolusyon sa daigdig.

Isa ito sa mga pundamental na simulaing nilinaw ng dakilang Rebolusyong Oktubre na inilunsad, 65 taon na ang nakaraan, ng uring manggagawang Ruso.

Ano ang mga kalagayan at pangyayaring humantong sa kauna-unahang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pang-estado? Ano ang mga aral na hinango ng ating Partido sa makasaysayang tagumpay na ito? Tingnan ang p. 3.

NOBYEMBRE 1982

NILALAMAN

Balita 2
Rebolusyong Oktubre 3
Milisyang bayan 6
Kapos sa lupa, kapos sa kabuhayan 8
Leyte : Larangan ng labanan 10
Tahi-sakay-kuha hanggang makakota 12
Papelaki ang papel ng Japan 14

Taong simbahan, sinusupil

Bumabanat na naman at nag-lingay ang pasistang rehimen laban sa mga taong simbahan na kaisa ng sambayanang nakikibaka para sa pambansa't pantipunang paglaya.

Nitong nakaraang mga linggo, dumadami ang inaaresto't ginigipit na mga pari at madreng Katoliko, ministrong Aglipay at Protestante, misyonero, seminarista at di klerikong mga tauhan.

Nirereyd ang mga upisina at kumento, at pinapasok ang mga pulong nila. May mga kaso ng pagpatay at tangkang pagpatay sa kanila.

Gawa-gawang akusasyon ang minsan pang ibinabato sa mga personahe't institusyong relihiyoso.

Sa kampanyang ito ng panunupil, ipinapakita ng rehimeng US-Marcos ang pagkataranta sa walang tigil na paglaki't paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa buong kapuluan. Gustong hadlangan ng rehimen ang papalalim at papatapang na pakikiisa ng mga taong simbahan sa pakikibaka ng malawak na masa ng mamamayan. Laluna, gustong ipatigil ng rehimen ang mga programang maka-mamamayan na nagbibigay ng pagkakataon sa paparming taong simbahan na makipamuhay at kumilos sa hanay ng batayang masa.

Sa kabilang banda, sinisikap ng rehimen na higpitan ang sariling hawak sa mga reaksyonaryong indibidwal sa loob ng mga simbahan at organisasyong relihiyoso, sa pagtatangkang kontrahin ang lumalaking impluwensyang progresibong seksyon.

Subalit dumadami lang ang mga taong simbahan, gaya ng iba pang sektor ng lipunan, na naममulat sa makatarungang pakikibaka. Lalo't umiigting ang digmang bayan para sa pambansang demokrasya, kabilang sila, halimbawa, sa mga nangunguna ng tumutuligsa sa pang-aabuso ng pasistang militar sa kanayunan at kalunsuran.



May sakabiluhang anyong ang mga progresibong taong simbahan sa pangkalahatang pagsulong ng pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas. Gaya ng alam ng lahat, umabot ang komitment ng ilan sa kanila sa pag-anib sa armadong pakikibaka. Mayroon nang mga bayani ng rebolusyonaryong kilusan na napula sa hanay nila, at marami pang iba ang gumagamap ng sariling papel tungo sa paglaya ng sambayanan.

Sa kabilang banda, ang mga Marxista-Leninistang Pilipino ay laging bukas na makipagdayalog sa sinumang may naibang ideolohiya, sa diwa ng paggalangan at pagkatuto sa isa't isa, at sa layuning pahigpitin ang pampolitikang pagkakaisa at relasyong magkaibigan. ●

NASA PAHINA 16
ANG IBANG BALITA

"SISIMULAN na natin ngayon ang pagtatayo ng sosyalistang kaayusan...!" Ito ang unang sinabi ni Lenin sa Ikalawang Kongreso ng mga Sobyet nang magtagumpay ang Rebolusyong Oktubre.

Inspirasyon, gabay

REBOLUSYONG OKTUBRE

Animapu't limang taon na ang nakaraan, noong Nobyembre 7, 1917, ibinagsak ng mga manggagawa at iba pang anakpawis na Ruso ang paghahari ng imperyalismong Ruso.

Sa pamumuno ng Partidong Bolshevik,[2] itinayo nila ang diktadura ng proletaryado--ang kauna-unahang estado ng manggagawa sa kasaysayan ng mundo--at hinawan ang landas para sa pagtatayo ng isang bagong sistema ng pulitika, ekonomya at lipunan--ang sosyalistang lipunan.

Rebolusyong Oktubre ang tawag sa makasaysayang pangyayaring ito.

Pinatunayan at pinaunlad ng Rebolusyong Oktubre ang buhay na katotohanan ng Marxismo, ang ideolohiya ng rebolusyong proletaryo.

Marx at Engels

Pitumpung taon bago nito, nakita na nina Marx at Engels na ang kapitalismo ay tiyak na papalitan ng sosyalismo, at ang diktadurang burges ay tiyak na papalitan ng diktadurang proletaryo.

Mangyayari ito, anila, sa pamamagitan ng marahas na rebolusyon, at sa pagkakaroon ng proletaryado ng sariling independyenteng partido -- isang partidong komunista--na kayang mamuno sa lahat ng masang anakpawis at pinagsasamantalahan.

→

---

[1] Oktubre 25 sa kalendaryong sinusunod noon sa Rusya.

[2] Ito ang popular na tawag sa partido ni Lenin, ang Partido ng Sosyal-Demokratikong Paggawa sa Rusya--na kinabitan ng salitang "Bolshevik" (ang ibig sabihin ay "mayorya") mula nang manalig ang mayoryang nagtataguyod sa mga prinsipyo ni Lenin. Ang kasalukuyang pangalan, Partido Komunista ng Unyong Sobyet, ay pinagpasyahan noong 1952.

Pagkamatay nina Marx at Engels, binalikat ng mga Marxistang Ruso ang tungkuling muling buhayin at paunlarin ang diwa ng Marxismo.

Sa pamumuno ni Lenin, aktibo niyang binaka ang mga anti-Marxistang kaisipan at oportunismong laganap noon sa internasyonal na kilusang sosyalista gayundin sa mga sirkulong sosyalista sa Rusya. Hinarap nila ang gawain ng pagbubuo ng isang partido komunistang kikilos bilang tunay na pampulitikang lider ng proletaryado, isang partidong nanununo sa malawak na masang anakpawis para sa sosyalistang rebolusyon.

Nasubok ang teoretikal at praktikal na pamumuno ni Lenin sa rebolusyong Ruso sa panahong ang kapitalismo ay punasok na sa pinakamataas nitong yugto--ang yugto ng imperyalismo.

Paghahanda

Ang Rusya noong simula ng ika-20 siglo ay isang bayang may mabilis na umunlad na kapitalismo habang nananatili ang atrasadong agrikulturang pyudal. Dawak ito ng malalaking kapitalistang Ruso (na mahigpit na nakakawing sa mga monopolyong kapitalista ng Great Britain, France at Germany), at ng malalaking panginoong maylupa sa pangunguna ng tsar (emperador).

Noong 1905-1907, naganap ang burges-demokratikong rebolusyon sa Rusya, ang tinatawag na unang rebolusyong Ruso.

Noon ihinapag ni Lenin ang kanyang teorya na dapat pamunuan ng proletaryado ang burges-demokratikong rebolusyon para mapaunlad pa ito sa mas mataas na yugto ng sosyalistang rebolusyon. Kailangang makipag-alyansa sa uring magsasaka ang proletaryado, anya, para ibagsak ang tsar at mga panginoong maylupa. Saka lang maaaring ibagsak ang burgesya at itayo ang diktadura ng proletaryado.

Mula 1905 hanggang 1917, pinamunuan ng Partidong Bolshevik ang mga pakikibakang masa na naging paghahanda para sa Rebolusyong Oktubre. Malalaking kilusang welga--welgang pampulitika't pang-ekonomya, welgang nakikisimpatya at pangkalahatang welga--at mga demonstrasyon, at maging ang pana-panahong paglahok sa Duma (batasan)--ang lahat nito'y naghanda sa insurekksyon ng 1917.

Rebolusyong Pebrero

Sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig noong 1914, sa labanan ng mga imperyalista para muling hatiin ang daigdig. Pumanig ang tsaristang Rusya sa Great Britain at France, laban sa Austria at Germany.

Nanawagan ang Partidong Bolshevik sa mamamayang Ruso na huwag suportahan ang mga imperyalistang Ruso sa digmaan, at sa halip ay labanan ang mga ito sa isang gerang sibil.

Sa akda niyang Imperyalismo, Ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo, ipinaliwanag ni Lenin na ang mga imperyalista ay siguradong manghihina sa kanilang gerahan. Di na sila nakapaghahari tulad ng dati, at ang masa ay di na pumapayag na namuhay tulad ng dati. Lumulubha ang krisis sa ekonomya. Ang tumitinding diskuntento ng masa ay ipinapakita nila sa aktibong paglahok sa rebolusyonaryong kilusan. Ito, anya, ay rebolusyonaryong sitwasyon para sa proletaryadong Ruso.

Noong Marso 1917,[1] ang tsarismo ay ibinagsak ng mga manggagawa't magsasaka, kasama ng burgesya, sa tinatawag na Rebolusyong Pebrero.

Pagkaraan nito, pinamunuan ng Partido ang masang anakpawis sa paghahanda para ang rehimeng burges naman ang ibagsak.

Nanawagan ang mga Bolshevik na palaganapin ang mga sobyet. Ang sobyet ay konseho ng mga kinatawan ng mga manggagawa at sundalo (na karamiha'y galing sa uring magsasaka). Ito ay organo ng kapangyarihang pampulitika na nilikha ng masa noong Rebolusyong Pebrero.

Sa pamumuno ng Partido, binuo ang mga milisya ng manggagawa at ang mga komite sa pabrika. Itinayo ang mga sangay ng Partido sa hanay ng mga sundalo ng hukbong katihan at nabal. Patuloy ang pampulitika't pang-organisasyong gawain sa hanay ng kababaihan at kabataan. Maraming kadre ang nagpunta sa kanayunan para organisahin ang mga magsasaka at pamunuan ang kanilang mga pag-aalsa.

Estado at Rebolusyon

Noong panahong ito--bisperas pa lang ng Rebolusyong Oktubre--tinapos ni Lenin ang akdang Estado at Rebolusyon. Batay sa pagsusuri, nakita na niya ang magiging takbo ng mga pangyayari, at naghiganay siya ng gabay para sa pagtatayo at pagpapaunlad ng bagong tipong estado minsang magtagumpay ang rebolusyong proletaryo.

Sa akdang ito, itinuro ni Lenin na dapat ganap na wasakin ang makinarya ng

[1] Pebrero sa luma ang kalendaryo.

karahasan ng burges na estado at itayo ang diktadura ng proletaryado na siyang mangunguna sa buong panahon ng transisyon mula sa kapitalismo tungo sa sosyalismo, ibig sabihin'y ang unang bahagi ng komunismo.

Ihinanda ng Partido ang isang plano ng insureksyon noong Oktubre 1917.

At noong Nobyembre 7, sa Petrograd (Leningrad ngayon), lumusob ang mga milisya ng manggagawa, ang mga sundalong nabal sa Plota ng Dagat Baltic, at ang mga rehimyento ng garison sa Petrograd. Inokupahan nila ang mga institusyong burges at saka ang luklukan ng rehimeng burges (ang Palasyo ng Taglamig o Winter Palace).

Noong gabi ring iyon, binuksan ang Ikalawang Konggreso ng mga Sobyet na awatawan sa mahigit 400 sobyet sa buong Rusya. Kinabukasan, ihinalal ng Konggreso ang Konsoho ng mga Komisar ng Mamamayan na pinamunuan ni Lenin. Sa Konsohong ito ipinagkatiwala ang pamamahala sa buong bayan.

Di nagtagal, naitayo ang kapangyarihang Sobyet sa halos labat ng dako ng malawak na teritoryo ng Rusya.

Ang tagumpay ng proletaryado sa Rebolusyong Oktubre ay umpisa ng isang sigwang naghatid ng Marxismo-Leninismo sa iba't ibang dako ng daigdig.

Mula noon, naging malinaw na ang mga pambansa-demokratikong kilusan sa mga kolonya at malakolonya ay di maihihiwalay na bahagi ng rebolusyong sosyalista sa daigdig.

Sa Pilipinas

Noong Nobyembre 7, 1930, ika-13 anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre, itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pamumuno ni Crisanto Evangelista.

Kinikilala at itinataguyod natin ang dakilang rebolusyonaryong inisyatibang ito, na naging senyal ng pagsulong ng uring manggagawang Pilipino sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at ng pagsisimula nitong mamuno sa rebolusyon. Bagamat sumasos at kulang sa karanasan, sinikap ng Partido na ilapat ang Marxismo-Leninismo sa praktika ng rebolusyong Pilipino.

CRISANTO EVANGELISTA

Gayunman, pagkaraan ng halos 30 taon ay halos naluaw na ang lumang partidong ito (na noong 1938 ay naging pagsasamib ng mga Partido Komunista at Sosyalista) dahil sa palubha nang palubhang mga kahinaan at kamalian.

Noong Disyembre 26, 1968, batay sa paglalagom ng karanasan at pagwasto ng nakaraang mga kamalian, pormal na itinakwil ng ilang myembro ng lumang Partido, kasama ang mga bagong sibol na Marxista-Leninista, ang rebisyonistang linyang Lava at muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas. Noong Marso 29, 1969, itinayo ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan.

Pagsulong

Ang pambansa-demokratikong rebolusyon na pinamumunuan ngayon ng Partido ay humahango ng inspirasyon sa dakilang Rebolusyong Oktubre.

Ang marami sa mga batayang katangian ng ating rebolusyonaryong pakikibaka sa kasalukuyan--pagsasagawa ng pambansa-demokratikong rebolusyon para tumungo sa sosyalistang rebolusyon, pamumuno ng proletaryadong Pilipino sa pamamagitan ng talibang partido nito, mahigpit na pagkakaisa ng mga uring manggagawa't magsasaka bilang pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente--ay mga sangkap ng linyang Bolshevik na pumatnubay sa tagumpay di lamang ng rebolusyon sa Rusya kundi sa iba't ibang kolonya't malakolonyang nagsilaya mula noon.

Sa diwa ng rebolusyong Oktubre, isinasapuso natin ang mahahalagang pangaral ng mga guro ng proletaryado sa daigdig--sina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao--laluna ang mga liksyong may kinalaman sa pag-agaw ng kapangyarihang pang-estado. Ang mga aral mula sa ibang rebolusyon, laluna iyong naging matagumpay, ay inilalapat natin sa praktika ng rebolusyong Pilipino.

Sa patnubay ng mga aral at karanasang ito, naisulong at napaunlad ng ating Partido ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa kabila ng mabangis na mga salakay ng kaaway.

Ngayon, ang diwang bayan ay lumalagablab sa buong kapuluan. Sa kasalukuyang abanteng subyugto ng estratehikong depensiba, dumadami't lumalakas ang mga taktikal na opensiba, mabilis na lumalakas ang hukbong bayan, at lumalawak at tumatatag ang mga larangang gerilya sa buong bayan.

Samantala'y milyun-milyong mamamayan ang magbubuklod-buklod at kumikilos nang lihim at hayag sa paggigit sa kanilang mga karapatang pambansa't demokratiko.

Bukod sa mga pwersang tuwirang pinamumunuan ng Partido, mabilis ding nabubuklod ang iba pang pampulitikang pwersa tungo sa pagbubuo ng pambansa-demokratikong magkakaisang prente na magiging batayan ng rebolusyonaryong gubyernong koalisyon.

Mulat sa kanyang mga tungkulin sa rebolusyon at sa mamamayan, patuloy na nagpapalakas at nagpapaunlad ang Partido. Malalim itong nakaugat sa masang anakpawis, at ang higit na malaking bahagi ng kasapian ngayon ay binubuo ng mga kasapi at kadreng mula sa mga uring manggagawa at magsasaka. Higit sa lahat, ang ating Partido ay lubos na nagpapahalaga sa maningning na katotohanan ng Marxismo-Leninismo, at gumagawa ng mariling ambag sa pagpapatuloy at pagpapayaman nito.

Pag-unlad ng suportang masa

Milisyang Bayan

Nabuang ng mga putok ang katahimikan ng bukang-liwayway at nabigla ang isang malilit na iskwad ng mga Pulang mandirigma. Isang platun ng kaaway ang kumukubkob sa kanila. Mabilis na kumilos ang mga gerilya para umilag at sinikap nilang magmanibra para lusutan ang lambat ng kaaway.

Subalit di nagtagal, ang kaaway naman ang nagulat. Biglang lumitaw ang halos isandaang gerilya at ang mga tropang kaaway naman ang nakubkob. Kinubabawan ng takot ang mga pasista; marami sa kanila ang sugatan at ang ilan naman ay patay na. Kahit nang makarating na ang pwersang pamaklolo, disorganisado pa ring umatras ang kaaway.

Litung-lito ang kaaway kung paano nangyari na bigla na lamang lumitaw mula sa kung saan ang isang pwersang halos lakas-kumpanya. Lingid sa kaalaman nila, ang pwersang iyon ay isang konsentrasyon ng ilang iskwad ng mga partayam na gerilya mula sa nakapalibot na mga baryo.

Ang pwersang iyon ay ang milisyang bayan.

Isang tipo ng panlabang yunit ng NPA ang milisyang bayan. Itinatayo ito sa antas ng baryo mula sa hanay ng mga aktibistang masa. Ang mga myembro ng milisya ay naghibigay ng serbisyong militar sa rebolusyon habang patuloy silang naghahanapbuhay. Nagsisilbing malaking reserba at pwersang pansuporta ang mga pwersang milisya para sa mga pultayam na Pulang mandirigma ng BHB. Sila rin ang pwersang pandepensa ng mamamayan at tumitiyak na napanatili ang rebolusyonaryong katahimikan at kaayusan sa baryo.

Ang pagbubuo ng milisyang bayan ay isa sa pinakaepektibong mga paraan para mapalawak at mapalaki ang tuwirang partisipasyon ng masa sa digmang gerilya. Sistematikong napapalahok ang marami bolunterya na kwalipikadong maging pultayam na mandirigma ngunit di pa masalo ng mga pwersang gerilya, at ang marami pang iba na handang maging partayam, pero di pa pultayam, na mga mandirigma.

Habang nag-libayo ang partisipasyon ng mga yunit milisya, lalong magkakaroon ng katangiang pangmasa ang gawaing militar ng hukbong bayan. Higit na magiging kilusang masa ang paggawa ng armas, suportang panlaban, depensa at seguridad sa baryo, at maging ang mga armadong pagkilos laban sa kaaway.

Mula pa noong 1969, may karanasan na ang Partido at hukbong bayan sa pagbubuo ng pwersa ng milisyang bayan. Ngunit nito lamang 1979 at mga sumunod na taon natamo ang makabuluhang mga pagsulong. Mula noon, daan-daang tauhan ng milisya ang lumilitaw sa Samar, mga probinsya sa Kordilyera at ilang bahagi ng Mindanao.

Sa iba naman lugar, umusbong ang mga pwersang milisya at unti-unti silang nagpapalawak at nagpapalakas.

Reserba at suporta

Ibayong napalalakas ng mga pwersang milisya ang kakayahang militar ng hukbong bayan sa mga larangang mayroon nang mga ganitong yunit. Lumalahok ang mga pwersang milisya sa mga operasyong militar ng mga yunit gerilya. Gumaganap silang pwersang pamaklolo, gaya ng pagkontra-kubkob nila sa platun ng kaaway, o kaya'y bilang katulong na pwersa na magsasabalikat ng mga tungkuling gaya ng pagkumpiska sa armas ng kaaway, pagsantala sa pwersang pamaklolo at pagbibigay ng malay na cover fire para sa mga mandirigma ng mga ganap na yunit gerilya.

Sa paghahanda ng mga taktikal na opensiba, gumaganap sila ng mahalagang papel sa pagkuha ng sariwa at tumpak na ulat paniniktik. Bukod dito, nagbibigay din ang pwersang milisya ng iba pang suportang panlaban. Tumutulong sila sa paghahanda sa lugar ng ambus at nagsasarbey at gumagawa ng mapa ng kalupaan at mga target. Tumutulong din sila sa lohistika, suplay, transportasyon at paggagwardya.

Sa mahiggpit na gabay ng Partido, gumaganap din ng sariling gawaing militar ang pwersang milisya. Sa isang larangan, sistematiko nilang inatupag ang paggawa at pagkukumpuni ng armas. Dahil mas marami na ang kanilang armas, nagagawa na nilang maglunsad ng mga operasyong isparo at pamamaril (sniping), bukod pa sa pagtulong nila sa mga yunit gerilya. Sa isang bayan, nawasak din ng milisya ang lambat ng paniniktik ng kaaway.

Sa paggampan nila sa mga tungkuling militar, nakakakuha ang mga myembro ng milisya ng saligang karanasan at pagsasanay bilang mga Pulang mandirigma. Bunga nito, sa ilang larangan ay mas malaki ngayon ang pwersang reserba na pwedeng paghugutan ng mga pandistritong yunit gerilya para gawing mga pultaym na Pulang mandirigma.

Habang lalong lumalaganap ang mga pwersang milisya, lalong nahihirapan ang kaaway na pumasok sa ating mga larangang gerilya. Nasusubaybayan ang bawat hakbang nila at mas madalas silang sinasalakay at binubulabog.

Dagdag na lakas

Hindi lamang sa armadong pakikibaka nakaasamba nang makabuluhan ang pwersang milisya. Mahalaga rin ang papel nila sa kilusang masa sa kanayunan.

May mga lugar na ang milisya na ang nagsasagawa ng pagpuusa sa mga pusakal na kaaway ng mamamayan -- mga ispya at di nagbabagong masasamang elemento -- na humahadlang sa paglago ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo. Ipinagtatanggol nila ang masa laban sa mga butangero at nagsisilbi silang pwersang pandepensa sa mga aksyong masa. Madalas din na ang milisya ang pumoprotekta sa ani ng masa. Sa ilang lugar na idinedeklarang "free-fire zone" ng kaaway at pinipigilang magsaka ang masa, ayon sa kalagayan ay milisya ang siyang nangangalaga sa mga pananim ng masa.

Epektibong napangangalagaan ng mga pwersang milisya ang rebolusyonaryong katahimikan at kaayusan sa mga baryo. Sila ang nagdidisipline sa mga basagulero at nagbibigay ng hustong payo sa mga tagabaryong hindi pa humibitiw sa mga bisyo tulad ng pagsusugal at paglalasing. Madalas din silang mamagitan sa mga di pagkakasunawan at maging sa mga away sa loob ng pamilya na di na makontrol.

Sa paggampan sa ganitong mga tungkulin, napalalakas ng pwersang milisya ang kilusang masa. Dahil mayroon silang sariling armadong pwersa na nagpupulis at palagiang nagtatanggol sa kanila, higit na nagtitiwala ang masa sa sarili at tumitibay ang kanilang pagkakaisa.

Pagbubuo ng milisya

Sa gabay ng nakaraang mga karanasan, sinisikap natin ngayon na pabilisin ang pagtatayo, paglawak at pagtatag ng mga pwersang milisya. Tumatampok ang pangangailangang ito sa kalagayang patuloy na pinatitindi ng kaaway ang kanyang mga kampanya laban sa atin habang sinisikap naman nating paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa.

Ang pagtatayo ng milisya ay isang esensyal na bahagi ng kabuuang pagkokonsolida sa mga baryo sa loob ng mga larangang gerilya ng MB. Sa pangkalahatan, di mahirap itayo ang mga yunit na ito sa mga baryo na matagal nang bahagi ng sonang gerilya, may karanasan na ang masa sa pagkilos sa mga pakikibakang masa, at marami-rami na ang napapanlad.

Inoorganisa na ang mga yunit milisya bago pa man maitayo ang mga sangay ng Partido sa mga baryo, bastat nakaabot na ang pag-oorganisa sa mga lugar na ito sa antas ng komiteng pang-organisa. Ang pamamatnubay at superbisyon ay hinahawakan ng komite ng Partido sa seksyon o sa sub-seksyon (na tinatawag ding pangkat ng kadre), hanggang makagampan na ng ganitong pamumuno ang mga sangay ng Partido sa bawat baryo.

May ilang pagkakaiba ang mga pwersang milisya sa mga bulubunduking pook at ang mga pwersang milisya sa kapatagan. Sa interyor, nabubuo natin ang yunit ng milisya hanggang laking-platun. Ang mga yunit na ito ay nakakikilos nang lantad at ang kanilang mga miembro ay maaaring makilala sa buong baryo. Ngunit sa kapatagan at sa mga lugar na di pa matatag ang kilusan, iskwad o mas malilit pa ang pormasyon. Kaiba sa mga milisya sa interyor, kailangang lihim ang pagkilos nila.

Sa kasalukuyan, ang pagkokonsolida sa ating mga larangang gerilya ay nangangahulugan ng pagdidiin sa pagtatayo ng mas marami pang ganap na yunit gerilya ng NPA, at pagtatayo ng mas maraming sangay ng Partido at organisasyong masa sa mga baryo. Lalaki pa ang importanya ng pagtatayo at pagpapalakas ng mga yunit milisya habang tumitindi ang rebolusyonaryong pakikidigmang gerilya.

Kapos sa lupa, kapos sa kabuhayan

Sa mga pambansang minorya na nakakonsentra sa mga kabundukan ng Pilipinas, bukod-tangi ang mga taga-Kordilyera sa pagkakaroon nila ng mga payaw-lang permanenteng mga palayan sa bundok na kung titinghan ay parang mga hagdang umakyat sa langit.

Sa mga probinsyang Ifugao, Mountain Province, Kalinga-Apayao, Abra at Benguet sa hilagang Luson, na may kabuuang populasyong 720,000 humigit-kumulang, ang lubos na nakararaming tao ay binubuo ng mahigit 420,000 Ifugao, Bontoc, Kankanai, Ibaloi, Isneg, Tinggian at iba pang pambansang minorya.

Mula't mula pa'y limitado na ang lupang pwedeng tamnan sa Kordilyera--at ang sistema ng mga payaw na itinayo at minantini ng masa sa loob ng maraming siglo ay isang napanlikhang pag-angkop nila sa likas na kalagayan. Mahabang panahon na nakasapat ang mga payaw para sa kabuhayan ng mamamayan sa Kordilyera.

Subalit sa loob ng nakaraang ilang taon, mabilis na tumitindi ang paghihirap ng masa sa Kordilyera. Dahil sa pang-agaw ng mga reaksyonaryo sa kanilang mga lupain, ang dating ekonomyang nakasasapat ay lubhang nakakapos, lalo't bumaba'ng ani sa mga payaw.

Nakikibaka ngayon ang rebolusyonaryong masa sa Kordilyera para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa, habang gumagawa ng mga hakbang para sama-samang ihanap ng lunas ang problema ng mababang produktibidad ng kanilang mga bukid.

Balik-tanaw

Ang mga payaw sa Kordilyera ay sinimulang gawin noong bago pa dumating ang mga kolonyalistang Espanyol. Noong umpisa'y pag-aari ng buong komunidad ang

lahat ng bukid, sapagkat primitibo-komunal ang kanilang lipunan.

Sa pagdaan ng panahon, pami-pamilya na ang nagmay-ari sa mga payaw. Nagsimulang magkaroon ng mga indibidwal na mas mayaman, dahil mas malaki ang ani. Gayunman, di nawalang ang pagsasamantala ng mayayamang ito sapagkat sila rin ay patuloy na nagtatrabaho sa bukid gaya ng lahat ng pwedeng magtrabaho.

Ang sistemang pangkabuhayang ito ay di gaanong naapektuhan ng pyudal na sistemang pinairal ng mga Espanyol sa Pilipinas, dahil di naman talaga napasok at nadomina ng mga kolonyalista ang Kordilyera. Mas pinagkaabalahan ang pagpapalawak pa ng mga sakahan at pagpapataas ng mabebang ani, sa harap ng paglaki ng populasyon.

Sa ilalim ng paghahari ng US nagkaroon ng mga unang malaking pagbabago sa natural na ekonomya ng lugar. Lumiit ang lupang pwedeng tamnan nang magbukas ang mga imperyalista ng mga minahan at troçohan. Nang binawakan ng mga Amerikano ang mina ng ginto sa Lepanto, halimbawa, nasira ang mga payaw doon. Dahil din sa paguimina at kaakibat nitong paghahawan ng gubat at pagtotroso, bumaha ang pinagbubukalan ng mga ilog na nagpapatubig sa mga payaw, kayat natuyo ang mga bukid na nasa bandang itaas ng bundok.

Sa kasalukuyan

Dumami pa ang mga minahan at troçohan sa panahon ng mga papet na rehimen, at laluna sa ilalim ng diktadurang US-Marcos.

Maluwag na ibinibigay ng rehimen ang malalawak na lupain sa mga dayuhang kapitalista at lokal na burgesyang komprador laluna ang mga myembro ng pangkating Marcos. Halimbawa, halos 200,000 ektarya ang konsesyong hawak ng Cellophil Resources Corporation, isa sa mahigit 30 troçohan ngayon sa Kordilyera.

Maraming sakahan ang nawawala sa pagtatayo ng rehimen ng enggrandeng mga proyekto. Malulunod ang mga payaw sa Kalinga at Mountain Province kapag natuloy ang balak na magtayo ng mga dam sa Chico River, tulad ng nangyari nang gawin ang mga dam sa Ambuklao at Binga mahigit 20 taon na ang nakakaraan. Apektado rin sa pagpapagawa ng Magat Dam sa Isabela ang mga magsasaka sa Ifugao.

Bukod dito, ipinagbawal ng rehimeng Marcos ang pagkakaingin at pag-ookupa sa mga lupaing matarik o kaya'y gagawin daw reserbasyon, parke at kung ano pa.

Samantala, ang pinakamagandang lupa sa Kordilyera ay matagal nang inangkin ng malalaking panginoong maylupa -- ang Tabuk Valley, na ginawang palayan, at ang Trinidad Valley, na ginawang gulayan ng mga panginoong maylupa, komprador na Tsino at mga burukratang galing sa hanay na rin ng mga minorya.

Kahig-tuka

Kayat ngayon, parang nasa bingit ng matarik na bangin ang kabuhayan ng masa sa Kordilyera. Ang karamihan sa kanila ay nagsasaka ng maliliit na payaw sa interyor, na di na maaaman nang sapat para sa pangangailangan nila. Pero sa pamamagitan ng sapilii na mga patakaran at programang ipinapatupad ng rehimen, sinasarhan namang lahat ang mga posibilidad na magbukas ng bagong bukirin.

Kung sa payaw lang aasa, magugutom ang pamilya. Oo nga't ang karamihan ng magsasaka ay nagmay-ari ng sariling payaw (liban sa ilang lugar tulad ng Tabuk na umiiral ang sistemang kasama), pero 2,000 metro kwadrado lamang, o 1/5 ng isang ektarya, ang karaniwang laki ng bawat sakahan. Minsan isang taon lang ang ani, kayat pagkaraan ng ilang buwan ay ubos na ang palay ng isang pamilya. Nakakatulong kung may kaingin, na pwedeng tamnan ng palay at camote.

Para kumita ng pambili ng dagdag na pagkain at iba pang pangangailangan, karaniwang nagtotroso o nagkakarpintero ang mga lalaki (ang mas malaking bahagi ng trabaho sa bukid ay ginagawa ng mga babae). O kaya, nagpapanday sila, naglililok ng pigurin (wood carving), o nagtatabas ng bato. Kumikita rin ang masa sa paghahabi ng banig at basket, pagkakabod ng ginto (gold panning) at pagpapalayok.

Maraming magsasaka ang napipilitang umalis sa baryo para maghanap ng trabaho sa labas. Madalas, nagiging minero sila.

Unti-unti na ring lumalganap sa interyor ang pangyayaring hindi ang mayari ng payaw ang siyang nagtatrabaho rito. Karaniwan ito sa kaso ng mga tagabaryo na nagtatrabaho sa poblasyon o syudad bilang empleyado ng gubyerno, minero o maliit na komersyante, o kaya'y pensyonado. Ang kinukuha nilang kasama o mangagawang bukid ay mga magsasakang walang payaw o kapos na kapos. Sa sistemang kinupya, nakatakda ang parte ng kasama at lahat ng labis dito ay napupunta sa may-ari. Sa sistemang binukla, ang bawat partikular na gawaing bukid ay may kaukulang bayad na palay.

Samantala, ang mga kasama sa malalawak na palayan sa Tabuk Valley ay dumadanas ng pagsasamantalang pyudal na di naiiba sa nagaganap sa kapatagan. Gayundin, katulad ng sa ibang lugar ang pagsasamantalang dinadanas ng mga kasama at manggagawang bukid sa mga gulayan at kapihan sa Benguet (nasa Trinidad Valley ang karamihan).

May iba pang nagaganap na pagbabago sa Kordilyera, tulad ng pagsasamantala ng komersyante, usura at iba pa, na nakakaapekto sa kabuhayan ng masa.

Sa lahat ng ito, susi ang pag-unti ng tinatamnang lupa bunga ng pang-aagaw ng mga imperyalista at burgesyang komprador, sa tulak at tulong ng papet na rehimeng Marcos.

Pagsalungat

Lumilinaw sa masang taga-Kordilyera na ang imperyalismong US at rehimeng Marcos ang may pangunahing pananagutan sa paglubha ng kanilang kalagayan. Kayat nagtutuon ang rebolusyonaryong kilusang masa, bilang bahagi ng kabuuang pambansa-demokratikong rebolusyon, sa pagsalungat sa mga patakaran at pakanang umaagaw sa kanilang lupa at umubos sa likas na kayamanan ng Kordilyera. Binabaka ng masa ang mga pasistang hakbang para ipatupad ang mga patakaran at pakanang ito. At isinusulong nila ang armadong pakikibaka sa lugar bilang pinakamahalagang ambag sa pagbagsak ng reaksyonaryong estado.

Sa kabilang dako, gumagawa rin ng mga hakbang ang rebolusyonaryong pwersa sa Kordilyera upang mabawasan ang mga problema ng masa sa kabuhayan.

Pinapasigla ng mga kooperatiba ng masa ang palitan ng paggawa, upang mapadali ang trabaho sa bukid at magkaroon ng mas maraming panahon para sa ibang gawain. Sa pamamagitan din ng mga kooperatiba, muling tinatamnan ng punongkahoy ang mga kalbong gubat at iniwang kaingin, upang muling mapaakyat sa mga lugar na ito ang bukal ng tubig, maging mataba muli ang lupa, at magkaroon na rin ng malapit na pagkukunan ng panggatong.

Malaking tulong din sa masa ang mga tindahang kooperatiba. Di lang mas mura ang tinda nito, bumabalik pa sa kanila ang kita. Nasimulan na rin ang pagkilos para mapataas ang presyo ng produktong ipinagbibili ng masa, at napababa na sa ilang lugar ang interes sa pautang.

Sobalit ang mas makabuluhang hakbang para umunlad ang kabuhayan ng masa sa Kordilyera ay maisasagawa lang sa pagbabagsak sa diktadurang US-Marcos at pagtatayo ng rebolusyonaryong sistema sa ekonomya't lipunan. Laluna sa pagtatayo ng sosyalismo, lubos na mapapalaya at mapapaunlad ang mga pwersa sa produksyon--magiging lubos na produktibo ang lupa at ang masang nagpapatulo ng pawis sa bukid. At ang mga payaw ng Kordilyera ay hahangaan sa saganang idinudulot, hindi lang sa kanilang tibay at ganda. ●

LEYTE: larangan ng labanan

Ipinagyabang noong Oktubre ng rehimeng Marcos ang mga proyekto nito sa Leyte, pampito sa pinakamalalaking isla ng kapuluan. Pero di nito sinabi na doon man ay naghahasik ng lagim ang pasistang militar at ang mamamayan ay nagbabangon para lumaban.

Lumarga ang pagyayabang tungkol sa Leyte noong ika-38 anibersaryo ng pagdaong ng mga tropa ng US sa isla para muling sakupin ang Pilipinas na naagaw ng Japan.

Ipinagmalaki ng diktador ang Leyte Industrial Estate (LIE) na itinatayo sa bayang Isabel sa halagang ₱9 bilyon at sa 1984 daw ay "magiging pinakamalaki sa Pilipinas."

Sakop ng 430-ektaryang LIE ang ₱3.8-bilyong planta ng abonong phosphate at ang ₱3.7-bilyong smelter ng tanso. May binabalak pa raw na smelter ng aluminyo at planta ng uranyum.

Bilang pang-akit sa mga namumuhunan, iniutos ni Marcos na ibaba nang 20 porsyento ang singil sa elektrisidad ng Tongonan Geothermal Power Plant at palakihin nang limang ulit ang kapasidad ng plantang ito.

Inianunsyo pa ni Marcos na palalakihin ang mga bakahan sa isla, at magbubuhos ng pondo para sa mga lokal na proyekto ng "Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran (KKK)."

Pasismo, paglaban

Mangyari pa, walang banggit si Marcos tungkol sa pang-aabuso ng mga tropa ng AFP sa isla. Ang mga kumpanya ng PC na bumubuo ng mga pamprobinsyang yunit ay dinagdagan ng tatlong batalyon--53rd PC

Bn, 55th PC Bn, at 43rd IB ng Philippine Army. Nakatambak ang karamihan ng tropa sa Hinunangan, Hinatagan (St. Bernard), Hinundayan, Sirago at Sogod, pawang mga bayan sa Southern Leyte.

Sa baryo Masaymon, Hinunangan, minasakker ng mga tropa ng 357th PC Company ang siyam na tao, kabilang ang mga babae at bata, noong Marso. Mula Oktubre 1981 hanggang nitong nagdaang Mayo, ayon sa ulat, 22 ang pinatay ng mga pasista, 84 ang ikinulong at pinahirapan, isa ang ginahasa, at limang tao ang di na muling nakita matapos dakpin. Maraming bahay ng magsasaka ang sinunog.

Sinasagot ng masa ng paglaban ang mga paninisil na ito. Noong Abril, nagdaos ng martsa-rali laban sa pamemasista ng mga tropa ng rehimen ang may 2,000 magsasaka at iba pang mamamayan sa Mahaplag, Leyte, at binarahan nila ang Maharlika Highway. Ang hayway na ito ay mahalaga sa rehimen dahil idinudugtong nito ang mga probinsya sa Luson, Samar, Leyte at Mindanao.

Muna rito, noon namang Disyembre, nagdaos ng mga martsa-rali sa Inopacan, Leyte, at sa Hinunangan. May 4,000 magsasaka at iba pang mamamayan ang dumalo sa bawat isa.

Nilalabanan din ng mga taga-Hinunangan, Hinatagan at San Juan ang pagpapalayas sa kanila ng rehimen kaugnay ng Imelda Resettlement Project at isang proyektong Japanese na nanenaliksik sa kamoteng-kahoy.

Gayundin, maring tinututulan ng masa ang pagtatayo ng smelter ng tanso (na unang tinanggihan ng masa sa probinsyang Batangas) at ang polusyon sa Look ng Ormoc (Ormoc Bay) dulot ng Biophil, isang pabrika ng kemikal na ang may-ari ay Japanese.

Sa kabilang banda, bumubwelo sa Leyte ang pakikidigmang gerilya. Kabilang sa mga taktikal na operasyon ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Leyte mula 1979 ang reyd at pagdidisarma sa mga pulisya ng Anahawan, Hinunangan at Hinundayan.

Larangan ng labanan

Napipintong maging larangan ng matinding labanan ang isla ng Leyte sa pagitan ng rehimen at mamamayan. Istratehiko sa militar ang lokasyon nito. Dagdag pa, habang malaking interes ang pinangangalagaan ng diktadura sa isla, ang Leyte naman ay maituturing ding matabang lupa para sa paglago ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa kahabaan ng silangang baybayin ng Pilipinas, nasa Leyte ang pinakamainam na daungan ng alinmang pwersang pandigma na manggagaling sa Kanagtang Pasipiko. Mula rito, madaling maabot ang Luson, Mindanao at iba pang mahahalagang isla. Kaya dito unang dumong ang mga pwersa ni Gen. Douglas MacArthur noong 1944. Kaya rin nagdaos ng pagsasanay dito ang ilang batalyon ng US Navy at AFP noong 1980.

Istratehiko rin ang isang ito para sa ating digmang bayan dahil ang Pilipinas ay isang kapuluan at magkalayo pa ang Luson at Mindanao, ang pangunahing mga isla. Ang Leyte at Samar ang nagdudugtong sa dalawang ito.

Iba't ibang negosyo ang itinayo na ng mga mamumuhunang Amerikano at Japanese na may kasosyo rin sa mga lokal na naghahari, kabilang ang mga Romualdez, Yñiguez at Rivilla. Nasa Leyte rin ang malalaking depositong mineral. Mahigit 86,550 ektarya ng kalupaan at baybayin ng isla ang may deposito ng ginto, tanso, phosphate at margaha (magnetite sand). →



Maningning ang tradisyon ng mga taga-Leyte sa magiting na paglaban. Nag-alsa sila laban sa kolonyalismo ng Spain noong 1894-96, at umanib sa Rebolusyong 1896 bilang mga Bolero at Pulahan. Hanggang noong unang mga taon ng siglo, ipinagpatuloy nila ang paglaban, sa pananakop naman ng imperyalismong US.

Pinagsasamantalahan at inaapi ang mahigit isa't kalahating milyong mamamayan sa Leyte, na karamihan ay mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid. Kayat itinatakwil ng paparami sa kanila ang diktadurang US-Marcos na kumakatawan, nagtataguyod at nagtatanggol sa naghaharing sistema. Kinamumuhian nila ang pangkating Marcos, kasama ang asawa ng diktador at ang mga reaksyonaryo sa angkan nito (mga Romualdez) na nag-angkin sa isla bilang pribadong kaharian. Ang mga batalyon ng rehimen na naroon sa isla ay hinaharap ng matatag na paglaban ng mamamayan.

"Tahi-sakay-kuha hanggang makakota"

Paspas, subsob sa trabahong hinahabol ni Laura ang bawat minuto. Sa loob ng isang araw, kailangang matapos niya ang 320 istrap ng bra. Kahit nanginginig na ang kanyang mga kamay, kahit masakit na ang kanyang batok at likod, kailangang maabot niya ang kota.

Kung di'y mawawarningan siya, masususpindi o masisisante tulad ng iba.

Kahit maabot pa ni Laura ang kanyang kota bago sumapit ang oras ng uwian, hindi pa rin siya pwedeng umuwi dahil inuupahan siya ng kapitalista para magtrabaho ng 7 oras at 15 minuto (8 oras lahat-lahat ang pasok niya, kasama ang mga break).

Kayat kailangang magpatuloy siya sa pagtatrabaho. Gayumman, dahil natapos na niya ang kota, may pabuyang 8 sentimos sa bawat istrap na natatapos niya nang lampas sa kota.

Tulad niya, ang mahigit isanlibong manggagawa ng Triumph International ay araw-araw na nakikipag-unahan sa orasan para maabot at malampasan ang kanilang kota. Ang anumang ginagawa nila--istrap, bust seam, stitching, panel, loop sewing, side seam, hook locking, eye locking--ay may takdang bilang ng minuto para matapos ang trabaho.

Ginagawa sa Triumph ang pang-eksport na mga bra. Ang mga ridyek ay ibinebenta sa lokal na pamilihan nang mula ₱35 hanggang ₱95 bawat isa. Pag-aari ng mga dayuhan ang Triumph, at may mga pabrika rin ang kumpanya sa West Germany, Australia, Hongkong, Indonesia, Singapore at Thailand.

"Di kami nawawalan ng dalawang bundle sa tabi," ayon kay Laura, isang karaniwang manggagawa sa Triumph. Ang bawat bundle (o tali) ay may 40 istrap. Walong bundle ang kailangan nilang matapos sa loob ng isang araw na trabaho. Tuwing nakakatapos siya ng isang bundle, isinusakay niya ito sa conveyor belt na nasa tabi niya habang pupulupit naman ang bagong bundle--tahi-sakay-kuha, tahi-sakay-kuha, hanggang sa siya'y makakota.

Sistemang kota

Ang kota sa produksyon ay isa na sa pinakahayop na paraan para patindihin ang kapitalistang pagsasamantala. Umiiral ang kota sa iba't ibang anyo sa lahat ng industriya. Ngunit iisa lang ang esensya nito: ang pagsagad sa kakayahang magtrabaho ng karaniwang manggagawa sa loob ng takdang oras para magkamal ng ganansya ang kapitalista.

Karaniwan, ang itinatakdang kota ay bilang ng nayayaring produkto o bahagi ng isang produkto (tulad ng istrap ng bra) sa isang takdang panahon -- orasan, arawan o lingguhan.

Sa Triumph, ang kota ng nananahi ng istrap ay 320 istrap. Ito ang natatapos ng manggagawa sa loob ng 7 oras at 15 minutong trabaho sa ordinaryong bilis ng paggawa. Ngunit pinalilitaw ng kumpanya na pangkaraniwan lang na matapos ito sa loob ng 315 minuto (5 oras at 15 minuto) o halos isang minuto bawat istrap. Kayat ang kota ay wala sa anyo ng piraso (dito, walong bundle na may lamang 40 istrap bawat bundle) kundi nakatago sa anyo ng bilang ng minuto -- 315 minuto. Kahit abutin ang manggagawa ng pitong oras para matapos ito, sa kwenta ng kapitalista'y 5 oras at 15 minuto lang ang trabahong nagawa niya.

At kung maagang matapos ng manggagawa ang kota niya, may pabuya siyang 8 sentimo bawat istrap (o "minuto" para sa kumpanya) na matatapos niya.

Sa gayon, bibilisan ng manggagawa ang pagtatrabaho hindi lang para makabot ang kota kundi para rin malampasan ito. At habang dumami ang kanyang nagagawa, lumalaki ang kita niya. Gayundin, lumalaki ang ganansya ng kapitalista.

Ang ganansya'y nagmumula sa di binayarang lakas-paggawa ng manggagawa. Habang lumalaki ang produksyon, lalong lumalaki ang di binayarang lakas-paggawa, samantalang pinananatili ng kapitalista na mababa ang binayarang lakas-paggawa ng manggagawa. Sa loob lamang ng ilang oras, bawi na ng kapitalista ang isang araw na sahod sa manggagawa, na patuloy namang lumilikha ng sobrang halaga hanggang matapos ang araw.

Sumasahod lamang si Laura ng ₱23 sa isang araw. Sa kota niyang 320 istrap, binabayaran lamang siya ng 7.2 sentimo bawat istrap. Nang itinaas ang kota niya sa 480 istrap na dapat pa ring tapusin sa loob ng 315 minuto, bumaba sa 4,7 sentimo bawat istrap ang ibinabayad sa kanya. Habang lumalaki ang kanyang kota, lalo namang lumiliit ang ibinabayad na sahod sa bawat produktong nalilikha niya.

Di na kailangan pang pahabain ng kapitalista ang araw ng paggawa para palakihin ang produksyon. Sa sistemang kota, ang kailangan lang niya'y isiksik sa bawat minuto ang produktibong paggawa ng manggagawa, at para na rin niyang dinoble ang araw ng paggawa.

"Dahil gusto naming kumita, pipilitin talaga naming lampasan ang kota," dagdag ni Laura. "At meron talaga sa aming nakakagawa ng 800 istrap bago matapos ang araw at kumikita ng ₱61.40."

Bagamat malaki ang iniuuwing kita ng manggagawa dahil sa insentiba, higit na matindi naman ang ibinuhos niyang paggawa sa bawat minuto niya sa pabrika. Halimbawa, sa 800 istrap na natahi niya sa buong araw ng paggawa, lumalabas na nagtrabaho siya sa bilis na halos dalawang istrap sa bawat minuto.

Sa gayo'y higit na lumalaki ang produksyon sa mas maigsing panahon, at higit ding lumalaki ang nahuhuthot ng kapitalista sa bawat manggagawa sa paglaki ng kanyang produksyon.

At habang mas maraming manggagawa ang nakalalampas sa kota, lalo lamang naitataas ng kapitalista ang kota. Sa pagsusuri ng bilis ng paggawa (time-and-motion study) ng ilang manggagawang mabilis magtrabaho, naitatakda sa susunod ang mas mataas na kota para sa karaniwang manggagawa.

Kapag lumabas na pwedeng magawa ang isang bundle ng istrap sa loob ng 35 minuto sa halip na 40, paiikliin ang oras ng paggawa. Pero pag lumabas na hindi talaga kayang gawin ito sa loob ng 40 minuto at dapat ay 50 minuto, pananatilihin pa ring 40 ito. Kaya sa epekto'y tumataas ang kota sa pag-igsi ng oras ng paggawa sa bawat bundle.

Pagmamantini sa kota

Ang pabuyang 8 sentimo bawat minuto paglampas sa kota ay paing inilalawit ng kapitalista para paspasan ng manggagawa ang trabaho. Bukod pa rito ang insentiba tulad ng taunang tig-₱500 sa bawat manggagawang di pumalya sa trabaho kahit isang araw, o sa nagwaging "best operator."

Di lamang kantidad, hindi pati kalidad, ang kailangang maabot sa kota. Sa bawat linya ay may quality supervisor, bukod pa sa production supervisor, na mahigpit na sumusubayay sa mga manggagawa.

"Bawat isa sa amin ay may efficiency card," patuloy ni Laura. "Dito nakatala ang produksyon namin bawat araw. Kalang patlang ang tsek-up. Sermon sa unang buwan na hindi makaabot ng kota; nakasulat na warning sa ikalawa; at suspensyon sa ikatlo. Kapag bago ang istilo o materyales ng ginagawang bra, marami sa amin ang di makakota." →

Karaniwan na sa Triumph na araw-araw ay may nagririsayn dahil sa kota. May mga araw na tatlo hanggang lima ang sabay-sabay na magbibitin. May dagdag ngang kinikita sa insentiba, gastado naman ang katawan nila.

Sakit sa bato, pulmunya, pasma, tuberkulosis ay araw-araw ding idinadaing ng mga manggagawa ng Triumph. Kahit paghihi ay kailangang pigilin dahil sa panghihinayang sa bawat minuto, na wala pang diyes sentimos ang katumbas.

Ang sobrang produksyon ay nauwi naman sa shutdown o rotasyon. Sa rotasyon, tatlo o apat na beses na lamang sa isang linggo pinagtatrabaho ang manggagawa. At kumakailan din lang, nag-shutdown sa Triumph dahil sa sobrang produksyon ng tatlong buwan. Kalabas-labas, biglang natigil sa trabaho ang mga manggagawa matapos nilang sundin ang mga patakaran ng kumpanya para maabot ang kota.

Pagkilos ng manggagawa

Ibaba ang kota, itaas ang sahod, ang panawagan ng militanteng mga unyon sa buong kapuluan.

Matapos mamulat sa matinding pagsasamantala na dulot ng sistemang kota, sama-samang iginiglit ng mga manggagawa ang panawagang ito sa mga welga at pakikipagtawaran (collective bargaining) nila sa kapitalista. Kung namang nagbabagal sa trabaho ang mabibilis gumawa upang di sila magamit na pamantayan sa pagtatama ng kota.

Higit pa rito, nanumulat ang paparaming manggagawa sa katotohanang patuloy na lirai ang mapagsamantalang kota hanggat di nagkakaroon ng esensyal na pagbabago sa lipunang Pilipino tungo sa sosyalismo. Sa lipunang sosyalista, ang paglaki at pag-unlad ng produksyon ay ibabatay sa pangangailangan ng lipunan at tutugon sa pangangailangan at mithiin ng mamamayan.

SA PILIPINAS

Papalaki ang papel ng Japan

Sa isang pagtitipon ng mga monopolyong kapitalista ng US sa New York nitong Setyembre, ipinahayag ni Marcos ang kanyang pagkabahala sa lumalaking pang-ekonomyang interes ng Japan sa Timog-silangang Asya. Nagbabala siya na dapat iwasan ang anumang sadyang pagsisikap ng mga Japanese na palitan ang mga Amerikano sa tradisyunal na papel ng mga ito sa mga bayan ng rehiyon.

Habang nagpupuputak si Marcos na baka maungusan ng Japan ang US sa rehiyon, wala siyang binanggit na anuman sa paglilimita ng puhunang Japanese maski sa Pilipinas man lamang. Kabaligtaran nga nito, patuloy na inuudyukan ng rehimen ang papalaking dominasyon ng Japan sa kalakalang panlabas at industriya ng Pilipinas.

Papalaking interes

Mula nang solong pagpasyahan ni Marcos ang Kasunduan sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon sa pagitan ng dalawang bayan noong 1973, tuluy-tuloy nang pinasok ng Japan ang ekonomya ng Pilipinas. Agresibo itong kumapit sa Pilipinas bilang isang tiyak na balon ng murang hilaw at malahilaw na materyales at pagkain, bihag na pamilihan, at patubum ng sobrang kapital.

Pagsapit ng 1981, 23 porsyento ng buong kalakalang panlabas ng Pilipinas ang napunta sa Japan (bahagi ng US--25 porsyento). Habang lumalala ang malakolonyal na balangkas ng kalakalan--nag-eksport sa Japan ng murang materyales, nag-iimport ng mahal na produktong yari--nagtamo ng malaking depisit ang Pilipinas, laluna sa nakaraang limang taon. Papalaking kantidad ng tanso, troso, asukal, saging, sugpo at igat ang dumaloy sa Japan sa presyong papamura.

Noon ding 1981, tinatantyang umabot sa ₱5.8 bilyon o $650 milyon ang tuwirang puhunan at pautang ng Japan (pamumuhunan ng US--₱35.6 bilyon o $4 bilyon) at nakapusisyon ang mga kapitalistang Japanese sa lokal na industriya sa pagmimina, agribisnes at pangingisda.

Naging kapaki-pakinabang ito sa mga monopolyong kapitalistang Japanese at lokal na burgesyang komprador, lalunang nabibilang sa pangkating Marcos, sa ibayong kapinsalaan naman ng sambayanang Pilipino.

Isang halimbawa ang Sosyohang Marubeni-Benedicto sa Bukidnon Sugar Company (BUSCO) sa Mindanao. Ilang libong settler at mga Manobo ang sapilitang pinalayas mula sa 23,000 ektaryang kailangan ng BUSCO para maging "kapaki-pakinabang" ang itinayong asukarera.

Sa Samar naman, ang sosyohang Unifish (kumpanyang Japanese) at Romcor Inc. (kumpanya nina Romualdez) ang umagaw sa mahigit 3,000 ektarya ng latang publiko

para itayo ang pinakamalaking palaisdaan sa Pilipinas ngayon. Dati-rati'y pinagkukunan ito ng dagdag na kita at pagkain ng masa roon.

Sa mga empresang kontrolado ng mga imperyalistang Japanese, ipinapailalim ang mga manggagawa at empleyado sa kilala nang mga teknik ng kapitalistang pagsasamantala na tumitiyak sa sagadsarang pagpiga ng gunansya mula sa lakas-paggawa. Ang mga susing pusisyon sa kumpanya ay hawak ng mga manidyer at teknisyang galing sa Japan, na ang sahod at sarisaring pabuya ay ilang beses na mas malaki kaysa nakukuha ng mga Pilipino.

Sa pakikipagsosyohan sa mga kapitalistang Pilipino, nakontrol ng mga monopolyong kapitalistang Japanese ang buhay at kinabukasan ng mahigit 1,000 maliliit at katamtamang empresang gumagawa ng motorsiklo, aplayans, tela at kasuotan.

Ang kontrol na ito'y binatikos ng mga kasosyong Pilipino. "Ang mga kasosyong Japanese ay tumatayong kinatawan ng kanilang inang kumpanya at ginagawa ang bawat utos nito," ang paliwanag ng isa sa kanila. Kaya ang nangyayari, nawawalan ng kahit anong kontrol ang mga kasosyong Pilipino dahil ang sosyohan ay itinuturing na mga sangay o subsidyaryo lamang nila.

Kasabay ng papalaking puhunan, dumaloy din ang "tulong" ng Japan sa rehimen sa anyo ng mga pautang na may maliit-liit na patubo ("soft loans"). Noong nakaraang tatlong taon (1979-81), umabot ito sa ₱2.8 bilyon o $200 milyon (tulong ng US sa panahon ding ito--₱3.2 bilyon o $361.5 milyon).

Bagamat pangunahing nakatutok para mabuo ang mga imprastrukturang kailangan ng mga monopolyong kapitalista tulad ng mga export processing zone at Maharlika Highway, ang nasabing "tulong" ay nakasusuhay sa rehimeng lubog sa utang. Ang mga pautang ay nagbibigay rin ng oportunidad sa pangkating Marcos na palakihin at palakasin ang sariling pang-ekonomyang interes nito.

Mapagpasyang papel ng US

Kung tutuusin, ang pagpasok at paglago ng pamumuhunang Japanese sa bansa ay itinatakda ng kalagayan na malakolonya ng US ang Pilipinas.

Nasa likod ni Marcos ang US nang pagtibayin niya ang di pantay na Kasunduan noong 1973. Tiniyak lamang ng US na nasa probisyon mismo ng kasunduan ang kalamangan nito sa Japan sa pakikipag-ugnayan sa Pilipinas.

Itinataguyod ng US ang interes ng Japan sa Pilipinas dahil nais niyang makuha ang partisipasyon ng Japan sa pagsuhay sa pasistang rehimen na niyayanig ng lumalakas na armadong pakikibaka ng mamamayan. Sa ngayon, nananatili pa sa antas ng pang-ekonomyang pagtulong ang pagsuhay ng Japan sa rehimen, pero dapat matyagan ang magiging pag-unlad nito.

Sa mas malaking saklaw, umasa ang US sa Japan sa pagkokonsolida ng kanyang pusisyong militar at pampulitika sa Asya para maikonsentra ang kanyang pansin at pwersa sa Gitnang Silangan at Europa.

Mangyari pa, gustung-gusto ng Japan ang papalaking papel nito, laluna sa Timog-silangang Asya na matagal na niyang itinuring na bahagi ng sariling bakuran.

Batay sa nangyayari ngayon sa Pilipinas, patuloy na sasamantalahin ng Japan ang lahat ng pagkakataon para isulong ang interes niya habang ginagampanan ang kanyang bahagi sa pagsuhay sa mga rehimeng papet ng US sa South Korea, Philippines, Thailand, Malaysia, Singapore at Indonesia.

Sa pag-aastang galit siya sa Japan, tinatawag ni Marcos ang pansin kapwa ng US at Japan na lakihan pa ang suporta sa kanyang rehimen. ●

MGA SALITA

Kinumpiskang armas

Nakakumpiska ng 24 na riple at pistola ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa tatlong probinsya sa Hilagang-kanlurang Luson mula Abril hanggang Setyembre. Napatay nila ang 13 tauhan ng kaaway, na karamiha'y mga regular na tropa.

Sa Abra, 11 armas ang nakumpiska sa tatlong operasyong reyd mula Abril hanggang Hulyo at dalawa pang M-16 ang nakuha sa pag-ambus sa isang komboy ng AFP noong Setyembre.

Nilusob naman ng mga Pulang gerilya ang munisipyo ng Quirino, Ilocos Sur, noong Agosto 22 at kinumpiska sa lokal na pulisya ang apat na riple at apat na pistola. Pinaruusahan nila ang dalawang kriminal na pulis. "Agbiag ti NPA!" (Mabuhay ang NPA!) sigaw ng mga taga-Quirino habang umaatras ang mga Pulang mandirigma.

Sa Kalinga-Apayao, nakagaw ng tatlong riple ang mga gerilya nang papatukan nila ang isang platun ng kaaway na lumapit sa kinaroroonan nila sa baryo Dummag, Batongbuhay.

Nalansi nila ang kaaway sa pamamagitan ng pagsigaw ng "Granada!" sabay hagis ng malalaking bato. Pinaspasan ng putok ng mga gerilya ang nagsitakbuhang mga pasista. Anim na pasistang tropa ang patay sa labanang ito at ilan pa ang nasugatan. (Dangadang)

Katangahan

Kastigo at mura ang isinasalubong ng mga heneral at koronel sa mga sundalo ng pasistang hukbo tuwing mababanatan ang mga ito ng Bagong Hukbong Bayan.

"Katangahan, kapabayaan at kaluwagan ang dahilan kung bakit tayo naambus sa 85 hanggang 95 porsyento ng mga kaso," ang sabi ni Josephus Ramas, namumuno heneral ng Philippine Army, sa matataas na upisyal ng PA na miniting niya sa iba't ibang rehiyon kamakailan.

Nagwarning siya na lilitisin ng korteng militar ang pinuno ng yunit, upisyal sa intelligence at operations, kasama na ang lahat ng tauhang di nasatay o nasugatan sa ambus na nangyari dahil sa kanilang katangahan, kapabayaan o kaluwagan.

Samantala, inamin ni Hen. Fabian Ver, pinuno ng AFP, na sira ang moral at disiplina ng kanyang mga tropa. Paparami ang kaso ng indibidwal na mga upisyal at tauhan ng AFP na kasangkot sa mga pagpatay, pagnanakaw at iba pang krimen.

Protesta

Nagprotesta ang mga guro, empleyado at doktor ng gubyerno sa rehimeng Marcos nitong Nobyembre dahil di nito ipinatutupad ang dagdag sa sahod nila.

Dalawang araw na nag-walkout ang may 600 guro mula sa 11 mataas na paaralang publiko sa Caloocan City para igiit na ipatupad ng Metro Manila Commission (MMC) ang 10 hanggang 15 porsyentong dagdag sa kanilang sahod mula Enero 1981.

Sumunod dito, dalawang oras na tumigil sa trabaho ang 200 empleyado ng Ministri ng Edukasyon, Kultura at Palakasan para igiit ang 30 porsyentong dagdag sa sahod na dapat matanggap nila noon pang Agosto.

Nauna rito, nagpiket sa MMC ang mga doktor mula sa Ospital ng Maynila, Quezon City General Hospital, at sa mga departamento ng kalusugan sa Maynila at Quezon City. Nais ng mga doktor na ipatupad ng MMC ang order nito na gawing P2,311 ang buwanang sahod nila.

Igiinit ng mga guro at empleyado ang kanilang karapatan sa kabila ng pagbabawal ng welga sa mga empleyado ng gubyerno at pagtanggal sa serbisyo sa sinumang lalahok dito. Samantala, naghanta ang mga doktor na aalis sila sa pwesto kapag di ibinigay ang kanilang kahilingan.

'KKK'

Patuloy na inilalantad ng masa sa iba't ibang lugar ang pambubulsa ng mga burukratang kapitalista at mga kasapakat ng mga ito sa pondo ng "Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran (KKK)."

Sa Nueva Ecija, ang mga meyor ng Nampicuan, Bongabon, Gabaldon at Laur ay iniulat na nakikipagsabwatan sa mga kapitalista sa mga sibuyasan at bawangan para maibulsa ang ₱9-milyong pautang ng "KKK."

Doon naman sa Samar, ibinunyag ng mga guro sa mga paaralang publiko ang raket ng mga burukrata at mga upisyal ng pasistang militar sa pondo ng "KKK." Milyun-milyong piso ang "inuutang" ng mga kamag-anak at kaibigan ng mga burukrata at ng mga tauhan ng CHDF sa bisa ng mga huwad na sedula at mga kooperatiba at proyektong nasa papel lamang.

Samantala, sa Oriental Mindoro, nilsa sa may 150 aplikasyon sa utang ay di naaaprubahan. Nagtuturuan at nagsisisihan lang ang mga burukrata sa probinsya at ang mga upisyal ng "KKK" sa Maynila.

Bawat aplikante ay pinagsusuhol sa 13 upisina para makakumpleto ng 29 na dokumento.

US vs. Nicaragua

Isang lihim na gera ang inilulunsad ngayon ng United States upang pabagsakin ang gubyerno ng Nicaragua sa Gitnang Amerika.

Nagpapahayag ng pagkabahala ang ibang mga gubyerno sa rehiyon sa pakikialam ng US sa Nicaragua. Itinayo ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon sa bayang ito noong 1979.

Ginagamit ng US ang Honduras, karatig ng Nicaragua, para pagbasihan ng 500-kataong pwersa, ang tinatawag na mga "contra." Ito ay binubuo ng mga tauhan ng patay nang si Anastasio Somoza, ang dinagsak na papet na diktador. Nagtayo sila ng kampo sa mga hangganan ng dalawang bayan. Noong nakaraang Marso, pinasabog nila ang dalawang tulay sa Nicaragua.

Ang kontra-rebolusyonaryong pwersang ito ay binibigyan ng treyning at pinopondohan ng US ayon sa planong inisenda ng Central Intelligence Agency. May $20 milyon ang inilaan para sa proyekto, na inilunsad noong Disyembre 1981.

Talo sina Reagan

Disgustado ang masang Amerikano sa administrasyon ni Reagan sa US. Napatunayan ito sa pagkatalo ng Partido Republikano sa eleksyon nitong Nobyembre. Laganap ang diskuntento ng mamamayan, resulta pangunahin na ng disempleyo, na noong Setyembre ay umabot na sa US sa 10.1 porsyento, pinakamataas sa loob ng 42 taon.

Lalong humina ang mga Republikano sa Mababang Kapulungan ng Konggreso, habang may kaunting lamang pa rin sila sa Senado. Sa paghina ng Partido Republikano, lalong mahihirapan si Reagan na pasuportahin ang Konggreso ng US sa kanyang mga patakaran at programa sa nalalabing dalawang taon ng kanyang panunungkulan. Ayon sa mga tagamasid, mas malilit ngayon ang kanyang pag-asa na muling mahalal sa eleksyong presidensyal sa 1984.

Sa halip na lahon ang ekonomya sa krisis, lalong pinalubha ng kasalukuyang administrasyon ang resesyon sa malaking ginagastos nito para sa militar at pagtitipid naman sa mga serbisyong panlipunan. Lagpas 11 milyong Amerikano, at dumarami pa, ang walang trabaho ngayon dahil sa resesyon, na siyang pinakamalala at pinakamatagal mula noong malubhang krisis ng dekadang 1930.

Brezhnev

Namatay sa Moscow noong Nobyembre 10 si Leonid Brezhnev, pangkalahatang kalihim ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet mula 1964, at presidente ng Presidyum ng Kataas-taasang Sobyet, ang pambansang batasan.

Si Yuri Andropov ang ihinalal ng Komite Sentral na pumalit sa kanya bilang pangkalahatang kalihim ng Partido.